gamit sa pagsulat--gamit sa pagdibuho--mga kagamitan ng mga pintor--mga timbre ó pangtatak--makinilya at mga iba't ibang kulukuti.

Magpadalâ ng selyo na halagang apat na sentimos at pasasapitin namin sa inyo ang may 96 na pahinang aklat-tálaan ng aming tindahan.

MAPAGLILINGKURAN BA NAMIN KAYO?

P. O. Box 1477 FRANK & CO.. Manila.

RESTAURANT "Dimas-Alang"

Blg. 555 Nueva, Binondo.

MAY MALINIS AT MABUTING PAGKAIN.

Mura at maaaring magdala kahit saang bahay ó kawanihan.

líng at walang ketong. Ipinatawag niya ang lahat ng máginoo sa palasyo upang ibalitá sa kanila ang tagumpay ni Duban, at lahat ay pawang nagalak ng dí masayod.

Ng masek ang manggagamot sa kabahayan at magdumapá sa paanáu ng harí, ay niyakap siya nito (ng harí) na pinuri siya ng karap-dapat, at tuloy inanyayahan siyang mákasalo sa dulang, bagay na dí ginawá sa kanino man doon sa lupaing yaon. Bukod dito'y binigyan siya ng dalawang libong sekye.

Ang dakilang Bisir ng haring yaon ay mainggitin, sakim, at sapat na manampalasan misiyahan lamang ang mäga balakyot niyang adhikâ. Ang pagkalingap ng harí kay Duban at ang ginghawang tinataglay ng manggagamot ay kinaiiggitan ng dakilang bisir, na tuloy nagpasiyang pagkasirain ang dalawa ng harí, na, sa dahilang ito ay nagsabi sa kanyang panginoon (sa harí) na si Duban ay isang hamak na taksil na nasok sa palasyo sa adhikang patayin ang harí. Hindi pinaniwalaan ng harí ang gayong sumborg, ipinakifala na ang manggagamot ay isang tao na kapuripuri, ipinaalala ang himálâ ng pagkapagalíng sa kanya at ipinahayag sa dakilang Bisir, na dí siya makapagtataglay ng pag-aalinlangán kay Duban, kungdí subali, mulá sa sandaling yaon ay pagkakalooban niya bwan-bwan ng isang libong sekye, sapagka't ibigay man niya aniya kay Duban ang kalahati ng kanyang kayamanan ay dí pa rin matutumbasan ang kanyag utang na loob. Idinugtong pa ng harí na natatandaan pa niya ang sinabi ng isang Bisir sa haring Simbad, upang sangsalain ang pagpatay sa prinsipeng anák niya. Ito'y nakapukaw ng kalooban ng dakilang Bisir na mapanaghiliin at ipinamanhik niya sa harí na mang-

CRISPULO ZAMORA

Platero at Gravador.

351 R. Hidalgo, Maynila.

Tel. 3265.

Gumagawa ng magagandang korona para sa mäga reina, ng mäga medalla, botones, insignias, copas, na panggantang pala, pang gayak sa simbahan, mäga larawan, kaliz, baston, hiyas, karatulang tanso, mäga chapa, at ibp.

Mabuting yumari at mura lalo na sa kapwa pilipino.

yaring isalaysay sa kanya yaon at pumayag naman ang hari.

"Ang bisir na ito, aniya, pagkatapos na makapagbigay-payo sa kanyang panginoon na hwag padalá sa sumborg ng iná ng kanyang asawa na kaipala'y makágawâ siya ng bagay na kanyang pagsisisihan sa tanáng buhay, ay isinaad itong salaysay na sumusunod: (*Basahin sa susunod na bílang ang Kasaysayan ng Isang Lalaki at ng Isang Loro.*)

Ipagpapatuloy.

Ang Pangangalakal

Ang mán̄gan̄galakal—anáng iba—ay isang tungkuling napakababà, walang ligaya twina sa buhay, at walang gasinong náitutulong sa kanyang Inang-Bayan, na dí kaparis ng mánananggal, inhenyero, militar o mediko kayâ na kinikilalang mararançal na tao na sa twina'y nasa kasayahan, malakas at madaling makatulong sa ikadakilà at ikasusulong ng kanyang lahi.

Máipalalagay namin ang mäga nagsasabi ng ganyan na sila'y mäga taong hindi nakakaalam ng sinasabi at nagsasalítâ na dí tarok ang kahulungan ng sinasabi o ang ibinubuka nila sa bibig. Bakit nasabi namin ang ganito? Pagka't kung ang isang mánananggal, inhenyero ó manggagamot na ipinalalagay na mararançal at puspos ng kaligayahan sa ibabaw ng lúpà at malakas, ay gayon din naman ang isang mán̄gan̄galakal na pag nagkatao'y lalò pang dakilà, marançal at maligaya sa nangauñang tungkuling, at ang bayang dí marunong mangalakal ay bayang mahirap, álipinin ng kapwà bayan sa pananalapi at mahinà.

At kung hindí sa pangangalakal ay hindi makikilala ang mäga malalaki, mayayaman, at

TAN SENGUAN Y SOBRINOS

San Gabriel Nos. 3-5
MANILA I. F.

Comerciantes en Productos del País. Importación y Exportación. Comisiones y Consignaciones.

SUCURSALES:

CARIGARA Y TACLOBAN (LEYTE)

Dirección Telegráfica—TANSENGUAN, Tel. 1260. P. O. B. 1029.



ANG MGA ISDA NG SARDINAS "P. C. C." ay buo at malalaki.

Hinuli sa mga baybayin ng Alaska—na kinadoroongan ng malalaki at malilinis na isda.

Sa tingin lamang, ang Sardinas "P. C. C." ay lubhang kaakit-kit.

Ang sabaw na katas ng kamatis ay masarap. Bawa't lata ng Sardinas "P. C. C." ay malinis sapagka't hindi napapasok ng mga mikrobyo. Tikman ninyo ngyon din.

KUMAIN KAYO NG SARDINAS TATAK "P. C. C.!"

Ang sumusunod na talaan ng mga bagay na pang-unang kailangan ay siyang magpapatotoo sa inyo ng aming matapat na payo:

| | | |
|------------------------------------|-----------------|-------------------------|
| 1 sisiw, tig -P-0.80 | hangang -P-1.00 | 1 kilong karne, -P-1.50 |
| 1 inahin, tig -P-1.50 | " -P-2.00 | 1 ,, baboy, -P-1.40 |
| 1 dosenang itlog ng inahin -P-0.80 | " | 1 ,, empeloa, -P-1.20 |

Ang mga halagang aming inilahad sa itaas, ay siyang karaniwang sinisingil sa mga pamilihan sa Maynila. Sa pagkain lamang, ang sinasahod ng isang abang manggagawa ay sapat na, o kaipalà ay kinakapos pa. Nguni't kung kayo'y mágagawi sa pagkain ng Sardinas "P. C. C." na isang mabuting pagkain, ay makapagtitipid kayo ng malaking halaga. Ang kasiyasiyang linamnam, ang sarap na di pangkaraniwan, at ang kababaan ng halaga ng Sardinas "P. C. C." ay siyang sa kasalukuyan ay angkop na angkop sa lahat ng sangba ayan.

Ipinagbibili sa lahat ng lugar

Pacific Commercial Company

Maynila—Cebu—Zamboanga—Tacloban—Legaspi—Vigan—Aparri

Ang Sardinas "P. C. C." ay may HIGIT NA KABUTIHAN kaysa mga iba.

Sa bigat, sapagka't ang isa'y katimbang ng tatlo o apat ng lata na ibang Sardinas.

Sa kabutihan, pagka't ang Sardinas "P. C. C." ay nakahihigit sa mga iba—at kapag nákakain nito ay hindi na kayo muling kakain ng iba pang Sardinas.

Makabibili kayo sa lahat ng tindahan.

**GAWAAN NG KENDY NI
J. S. LAPIRA**

Ongpin Blg. 746-748, Sta. Cruz, Maynila

Nababantog ang pagawaang itó sa kalinisan, ka murahan at kasarapan ng mga kending may halong mantekilya, gatas, cape, lemon, sikulate, niyog at iba pang gawá sa Amérika.

Pagsadyain ninyo at ng masubok ang katotohanan. Tumatanggap ng pedido sa bayanbayan.

makapangyarihang bansâ ngayon ng sangsinukob tulad ng makatarunghan at mayamang Amerika, malaki at matipid na China, matapang at maa rimunhang Hapón. Nariyan ang bihasang Europa na sa ngayo'y nag-aapoy sa digmaan dahil sa pagnanais ng bawa't isa sa kanilang bansâ ay makapagpapasok ng kanikanyang mga kalakal sa mga daurigan o sa lupain ng may lupain na hindi ibig ipagbayad at upang sa ganito'y madaling mapasulong ang kanikaniyang kalakal na ikalalakas ng bawa't isa sa kanila.

Ang kalakal kung bagá sa tao, ay siyang pinakabuto at ugat ng isang bayan na sa kanya'y nakapagtatayô ng malalaking kapalaran. Kung walang buto at ugat ang mga tao ay hindi makakatayô, at ang bayang walang sadyang kalakal ay gayon din naman. Tulad din ng isang bundok na kung walang nagtataasang mga kahoy ay walang hichura at hindi na akahalinang tapunan natin ng paningin. Ang kalakal ngâ ay siyang ipiuagiging dakilà ng isang bayan na kailangang lubhâ ang magkaroon ng lakas sa pamamagitan niyan, at salamat at natalos ng bayang Pilipino ang pangangailangang iyan. At ganito ang paniniwalà namin, sapagka't ating namalas na saa't saan pa mang bayan at dako ay walâ sa ngayong pinagsusumakitang iba kundi ang mangalağal.

Ngayon, kung ang ilang mga bisig ng bayan na nasa páaralang bayang Pangangalakal (Philippine School of Commerce), na sa kanilang maalab na pagsusunog ng kilay ay palaring makapagtapos ng ganitong banal na hánigarin édi kayâ lalong dumakilà an' ating bayan? Mahril ay walang bibig na magsasabi ng hindi

LA TABLERIA de P. y F. JACINTO

NAGBIRILI ng lahat ng uri ng kahoy rito. GUMAGAWA ng sarisaring "muebles" na pasadya ayon sa ibiging ipagawa. YUMAYARI ng mga pang pinto, pang bintana, ibp. LAHAT ay mura at ayon sa kasunduan. TUMAWAG sa telefono 83.

954-962 Juan Luna, Tundo.

ikadadak!lìa kun dì oo, pagka't kahi't batang musmos ay maaaring makabatid ng mahalagang súliraning bayan lalung-lalù na ang tungkol sa pangangalakal. At sa mángangalakal na iyan nagbubuhat ang madaling pagtolong at ikalalagô ng ating kalakal, at, mapapasakamay pa natin ang mga puhunang dayo na sa ati'y nag-papahirap sa ngayon. Bakit mápapasa atin? Paano'y tayong mga pilipino ay tulad din ng ibang lahi na may katutubong pagmamalasakit sa kalakal na ikabubuhay ng kalahi bago ang sa iba. Ang pangangalakal ay siyang tunay na makapagpapasipag sa ating mga magsasaka sa pagbubungkal ng naglalawakan nating mga lu paing matatabâ at patag upang pagtamnan nila ng halaman na ang mga maaani'y ating makalakal sa araw ng bukas na siyang kailangang mahigpit ng isang nagmimithing gumminghawa at magsarili.

Ang pangangalakal ay banal at dakilang tungkulin ng isang tao, pagka't kung ang isang mánananggal ó manggagamot kayâ ay nakapaglilitas sa kamatayan ng isang māmamayan dahil sa kasalanang ibinubuhat sa kanya, kahi't walang kinalaman sa kanya ang ibinibintang o dili kaya'y sa sakít na kaniyang dinaramdan, ay gayon din ang isang mángangalakal pagka't kung ang isang sangbahayang ay nasa kapangyarihan ng gutom, ang sangbahayang iyan, ay madaling máilalayò ó malunasan sa gayong kahirapan sa pamamagitan ng kanyang salapî at kalakal at dt iyan lamang ang nagagawâ at náitutulong ng isang mángangalakal. Nariyan ang makabayang mángangalakal na Mrgal. Teodoro R. Yangko, atbp. nakapag-aabuloy ng libilibong piso sa bayan upang ipagpatayô ng mga nag-lalakihang gusali para sa bayan. Paris ngayon, halos ang mga nakakapagpautang sa KALAYAAN

SON BUNCHJONG & Co.

Nos. 207-211 Sto. Cristo, Manila, I. F.

Dry Goods, Petroleum, Gasoline, Cocoanut Oil, Mobile Oil,
Engine Oil.

Cable Address: "SONCOSING."

Phone 8586

P. O. B. 978.

Maximo R. Santiago

Experto en el arte de colocar y arreglar el alma del Violin. Perfecciona y armoniza la voz de esta clase de Instrumento. Si no estais satisfechos del sonido de vuestros Violines que os han costado P15.00, 25.00 y P40.00 ó mas, él mediante procedimiento propio y en breve tiempo, lo perfeccionará, y lo armonizará pudiendolos despues compararlos con los de P40.00, P55.00 y P90.00 etc. Traedlos y os convencereis pues los experimentos hechos por él que dieron resultados esatisfactorios y su experiencia que data bastante tiempo en este arte permitenle presentarse al público especialmente a los que tocan esta clase de Instrumento.

Residencia: 8^{ta} Havana.
Sta. Ana, Manila, I. F.

Experto sa paglalagay at pag-aayos ng tukod o kaluluwa ng Violin. Nakapagpalabas ng islong mainam na tuug ng Violin sa pamamagitan ng sariling paraanen. Kung hindi kayo nasisiyahan sa tunog ng inyong Violin na pagkakahalaga ng P15.00 P25.00 40.00 o higit pa ay dalhin niyo sa kaniya at siya'y handang maglingkod sa inyo ng tungkol dito, at inyong makikita na pagkatapos ng kanyang madaling pagaayos ay matutulad ito sa pagkakahalaga ng P40.00 P55.00 P90.00. Ang mga pagsubok na kanyang ginawa at ang mababang panahon na kanyang ginugol sa pagtuklas ng laion maturing paraan sa pagpalabas ng wastong tingig ng Violin ay siyang sanhing di niya ipinanggimbing tumanggap ng ganitong gawain

ng laksalaksang piso at nakapagbibigay ng daan-daan sa Krus na Pulá ay mángangalakal. At naririyán din si Rockyfeller ng Estados Unidos na nagbibigay ng yutayutang piso sa páma-halaang amerikano sakaling ang bansang ito ay nápapasa digmà. Ang mga gáwaing kayang iyan ng mga mángangalakal ay dí kapuripuri at da-ngal ng isang Lahi? Dí kayâ kulisayahan ng isang mángangalakal ang siya'y sumagip ng kahihian ng kapwâ, dahil sa pananalat ng salapî?

Kayâ, kung ang mga kabataang nagsisitu-klas ng ibang karunungan tulad sa pagmemediko, sa pagkamanananggol, pag-iinhinyero at ibp. ay pinagpapakundangan ay dapat din pagpitaganan ang mga nagsisipagaral sa páaralang Bayang Pangangalakal, pagka't malaki rin ang magagawâ ng isang mángangalakal.

Samantalang makapal na ang ating manggagaintot at mánananggol ay dapat pagsumikapan namang matutuhan sa panahong ito ang tungkol sa pangangalakal ó díl kaya'y tungkol sa pagiiimbak ng ating mga bungâng kahoy at ugat ng ating mga halaman. Ang mga karunungan ay dapat pagsumakitang matutuhan ng ating kabataan sa n̄gayon upang lalong mapantayag ang bayang Filipino sa harap ng mga dayuhang sa ati'y nagmamasid.

Ito, y hindî panungunang bait sa ilang kababayan kungdî ito'y isang panawagan ó paalaala kayâ, pagka't kung ang mga karunungan

ENGRACIO DE ASIS

Nagpapasanglâ ng alahas, at ibp. Murang magpatubò, mahal humalaga. Bu-kás kahi't araw ng pista.

Daang Azcarraga Blg. 1339, Kanto ng Benavides, Trozo.
TEL. 3396. Maynila.

náhanggit ay mapasa atin na ay umaasa kaming hindî malalaon at mababanaagan na natin ang sinag ng bagong araw, araw ng kayamanan at kasaganaan sa lahat ng bagay na siyang malakas nating sagisagin sa bayang Amerikano na tayong mga Pilipino ay tulad na niyang dapat na lumayá at magsarili habang panahon.

KALIBATO

Sa "Lakas ng Panulat."
San Pablo, Laguna.

Ang ating mga bugtong

Dí madangkal dí madalî binabayaran ng salapî. (kat. bigas)

Buháy na iniusong ng patay. (kat. Balag at gugulaying nágapang.)

Nákitid kung iladlad kung likumi'y nálapad. (kat. Panali)

Hindî tubig ay náagos hindî kampana'y ná-tunog. (kat. Agus-ting)

Bubong ay kawa, Media-agwa'y lagari haligi'y balibal. (kat. Alimanô)

Aparador kong marikit buksan at sarha'y hindî náimik. (kat. Matá)

Puting tiyan, bulang likód walang ulo'y may buntot. (kat. taluto)

Mag-upo't magtindig hanggang liig ang tubig. (kat. Bankang lubô)

May dalagang umupô sa bato umula't bumagyo'y dí naanó. (kat. Talabá)

Dalawang palad na maganda magkausong sa isang kopa. (kat. Tambol)

Bago hulihin ay binubulas muna. (kat. Pag-

salok ng tubig sa dagat na di umaalon)

KABUNSOD

San Pablo, Laguna.

TAN SENGUAN Y CO.

Muelle de Binondo No. 157, Manila, I. F.

COMERCIANTES EN TODA CLASE DE PRODUCTOS DEL PAÍS.

IMPORTACION Y EXPORTACION.

IMPORTACION DIRECTA DE ARROZ.

EXPORTADORES DE AZUCAR PARA CHINA Y JAPON.

COMISIONES Y CONSIGNACIONES.

Tel. 4584

P. O. B. 1253

Dirección Telegráfica
“YEKGUAN”

CARLOS ORTIZ

OPTOMETRA EXAMINADO

MANGLILITIS NG MATA.

24 Escolta,

Ang māga kasangkapan ay ayon sa
bagong panahon.

TEL. 939.

Sa likod ng pagtitiis

Handog sa kaarawan nōg pagsilang ni Bb. Irene Nasayre: masamyong bulakluk nōg Kawit, Cavite.

Nobyembre nuon.

At si Arturo at si Elisa ay nauskilala sa isang sáyawan. Si Arturo nuon ay dī halos mápalagay sa lakí nōg kasiyaháng loob, palibhasa'y nuon lamang siya nagkopalad na magkaroon nōg isang kakilalang katulad ni Elisa na napakahinhin at katangl-tangi ang karilagan.

At sa lakí nōg kanyang kagalakan ay mahinahon siyang nagsalitâ sa dalaga nuong ito'y kanyang kasayaw.

—Bb. Elisa, nápakamapalad mandin ako sa māga sandaling ito.

—Bakit kayo nagsalitâ nōg ganyan?

—Paano'y nōgayan pô lamang ako nagkopalad na magkaroon nōg isang kakilalang katulad ninyo na nápakamarangal at napakahinhin.

—Tila mandin kalabisan na ang māga sinabi ninyong iyan.

—Kalabisan? Nagkamalî kayo Bb. Elisa. At upang ipagtapat ko sa inyo ang buong katoohanán, kayo ang tanğing-tangi sa lahat nōg atking māga naging kakilala.

—Hindi parang pagmamapuri sa sarili, ako, Bb. Elisa ay marami na rin namang naging kakilala. Nōuni't sa karamihan nila'y hindi ko máipapalit ang inyong katutubong hinhin at marangal na pag-nugali, ayon sa aking palagay.

Gregorio Yu-Chuco y Herederos

ALMACEN DE TEJIDOS
Y MATERIALES PARA ZAPATERIA
Y CHINELERIA.

Calle San Vicente Nos. 219 y 221. TEL. 1401

MANILA & ILOILO.

—Tunay kayâ ang māga pangungusap nin-yong iyan?

—Kung kulang kayo nōg paniniwalâ sa akin ang langit na ang bahalang magpatunay sa inyo na kung ako nōgâ ay nagsisinungaling lamang.

Sa pangungusap na ito nōg binatâ, si Elisa ay tila mandin nasiyahan, pagka't náhahalata niyang hindi nōgâ nagbibirô si Arturo, at sa hugis nōg pangungusap ay máhahalatang ito'y humahangâ sa kanya.

Natapos ang sáyawan. At ang lahat nōg pá-nauhin ay maligayang nagsiuwi sa kanikanilang táhanan.

Samantalang si Arturo ang nátanğing umuwî sa kanila na matamlay na matamlay ang katawan. At nōg siya'y magpapahinggalay na ay para bagang namamalas niya ang larawan ni Elisa at nakanğiting nakikipag-ulayaw sa kanya.

Pagkaraan nōg ilang araw....

At si Arturo ay nagsimulâ nōg pagdalaw kina Elisa. Nagtaká ang dalaga sa pagkakadalaw na ito nōg bagong kakilala, pagka't dī niya akalain na máisipang lakiyin ang dakong yaon na nasa sa lawak pa naman nōg kabukiran.

At nōg si Arturo ay makaalis na ay násabi ni Elisa sa kanyang sarili:

—Ano kayâ ang náisipan nōg taong iyon at nakarating sa malayong dakong ito? May bagay kayâ ang kanyang pagparito? Samantalang aantayin ko ang mangyayari sa hinaharap.

Kinabukasan....

Si Elisa ay tumanggap nōg isang liham ni Arturo. Sa liham ay binanggit ang pagpapasa-lamat sa mabuting pagtanggap sa kanya at māga iba pang bagay na natutunğod sa pagkikilala.

At diyan na nagsimulâ ang kanilang pagsu-

ORTIGA HERMANOS

DASMARIÑAS No. 214

MANILA, I. F.

COMERCIANTES EN TODA CLASE DE PRODUCTOS DEL PAÍS.
ARMADORES DE LOS VAPORES

“Ortiga Hermanos” y “Panglima”

SUCURSALES: Calbayog, Carigara y Tacloban.

sulatán. Hanggang si Arturo ay nagpahayag n̄g kanyang dinaramdam.

Ang dalaga sa ganitong inanyō n̄g binatà ay hindī na sumagot. Sumulat na mulî. Ngunit hindī rin sinagot. Inulit pa hanggang inabot n̄g ikawalo, subali't ang dalaga ay hindī rin tumugon.

Si Arturo sa ganito ay nagsadyâ isang araw n̄g Linggo kina Elisa. Nádatnan niya itong nakalugay ang buhok at waring bagóng paligô. Tinanggap siya na gaya rin n̄g dati na nakanéti.

—Kumusta ka Elisa? —ang unang batì n̄g binatà.

—Mabuti, gaya rin n̄g dati.

—Salamat at iyan din ang ninanais ko sa tuwi túwi na.

—Ngunit.....dî na nakuhang ituloy ang sasabilin at napabuntong hininéga n̄g malalim.

—Bakit ka natitigilan Arturo? . . .

—Hindī Elisa, mayroon lamang akong naaalala.

—Ah siya n̄gā palá. Naaalala marahil yaong kapareha mo nuong tayo'y nagkakilala sa sayawang iyon.

—Hindī totoo Elisa. At kung kayâ lamang ako natigilan ay sapagka't nágugunitâ ko ang aking m̄ga sulat na dî mo man lamang makuhang sagutin. Bakit kayâ? Naging mapait na bagá sa iyong kalooban ang m̄ga pagtatatapat kong yaon?

Ang dalaga'y walang kaimikimik at naka-tunçong waring pinakikinggang mabuti ang matatamis na pangunugusap ni Arturo.

—Bakit ba ayaw mo na akong tugunin Elisa?

—Arturo, hindī sa ayaw kitang tugunin, ekungdî walâ lamang akong panahong sumulat sa karamihan n̄g aking m̄ga gáwain.

—Elisa, inaakalà ko na kaylan man at na-naisin mo ang sumulat ay walang dî matutupad, pagka't ikaw ang pançinoon n̄g iyong sarili. Nagtataka n̄gā ako sa pangyayaring ito, pagka't simula n̄g ako'y magpahavag sa iyo n̄g m̄ga dinaramdam n̄g aking pusô, ay hindī ka na su-

SOMBRETERIA

NI

V. LIWANAG

Binundok, Juan Luna 351

Puhunang tagalog at yari rito

Tangí sa pagpapaputî at pag-aayos n̄g kahi't anong anyong ibigin.

Nagbibilí n̄g m̄ga barong lalake, kwelyo, panyô, korbeta, ibp.

magot, samantala ng nuong araw, nuong bago pa tayo ngkakakilala ay maligaya kang tumutugon sa m̄ga liham ko.

—Tunay n̄gā at may katwiran ka. Subali't ipinagtatapat ko sa iyo na kung tungkol din lamang sa bagay na iyong iniluhog ay walâ pa akong kaya upang magpasya.

—Walâ ka pang kaya? Díyañâ?

—Oo't paniwalaan mo.

—Kaylan kayâ igagawad mo ang iyong kapasyahan?

—Kung dumating na ang araw.

—Anong araw iyan?

—Ang araw n̄g pagsaloob ko sa bagay na iyan.

At natapos diyan ang kanilang pag-uusap.

Walang bwan ang lumipas . . .

At si Arturo ay patuloy pa rin n̄g panginibig kay Elisa

At palibhasa'y nakilala n̄g dalaga na tunay n̄gā ang pag ibig ni Arturo, kaya't isang araw ay yumari siya n̄g isang liham, liham na kinapalooban n̄g kāyung ganap na pagsangayon.

At ganito ang nasasaad:

Arturo;

Yamang nákilala ko ang malaon mo nang pagtitiis sa panginibig sa akin, at yaman ding

“GERMINAL”

Samaháng ganáp na pilipino sa paggawa n̄g tabako't sigarilyo.

PAGBABA NG TULAY NI AYALA, MAYNILA, K. P.

Bantog sa inam at sarap n̄g kanyang m̄ga yari;

Bantog sa pagdamay sa m̄ga sakunâ n̄g Bayan; at

Bantog sa pangunguna sa maraming tanghalan.

Tikman ninyo ang m̄ga may sagisag na:

Germinal, Katagalugan, Kapisanan at Floreal.

naturayan ko ang kadaikilaan ng iyong pusò, kaya't hindî naman ako nag-alinlangan na dî ipagtapat sa iyo ang tunay kong kasagutan.

Arturo: hwag ka sanang malungkot na n̄g-a-yon, pagga't buong pusò na akong nagkakaloob sa iyo n̄g aking dalisay at wagas na pagibig.

Marahil ay masasabi mong n̄pakuat kong sumagot, subali't ipinagtatapat ko sa iyo na ang lahing kayumangi kaylan man ay dî mapasa-sagot n̄g madalian. Kinakailangan na magtiis n̄g hirap, pagka't ang binatang matiisin at matiyagâ magkakatoon n̄g ganting-palà sa hinaharap, na kagaya mo n̄gâ sa n̄g-a-yon na pinag-kakalooban kita n̄g nararapat na ganting-palà alang alang sa kawagasan n̄g iyong pagmamahal.

Hanggang dito na lamang at tanggapin mo ang walang kudas kong pag-aala-alâ. *ELISA.*

Si Arturo sa ganyang sulat n̄g dalaga ay hindî na halos m̄pakuili. Makailang hinagkan at binasang paulit-ulit.

Kung mangyayari n̄gâ sanang nuon din ay liparin niya ang kinalalagyan n̄g dalaga upang magpasalamat n̄g buong pusò sa pagkakaloob niya n̄g kanyang darakilang Oo!

Oh, si Arturo ay maligayang maligaya n̄gâ nuon at nalimutan niya ang kanyang malaon nang pagtitiis at pagbabatâ!

Kaya't nuon din ay tinugon niya ang mahalagang liham ni Elisa. At ang liham ay pinatalutinan n̄g lalong malalambing at matatalmis na pangunugusap.

Mulâ na nuon si Arturo ay lagi na kina Elisa. Ito naman ay galak na galak kung dumarating si Arturo. Paano'y talagang ganyan, na kung nagkikita ang magkasi ay nararapat na magalak, pagka't ito lamang ang panahon na dapat nilang ipag-ulayaw n̄g buong tamis, n̄g buong lugd, n̄g buong lambing.

Isang taón silang matamis na nagmahalan at hanggang sa dî na naglaon, sila'y napakasal sa isang Hukom. Napakasal upang magsama, habang buhay, upang magmahalan hanggang lîbingan.

Mapapalad sina Arturo at Elisa, pagka't sa likod n̄g malaong pagtitiis ay nagtagumpay rin ang makapangyarihang pag-ibig.

EUS. LIMANO.

Tundô, Maynilâ.

Sa mga Manggagawa sa Lupa

Kung ibig ninyo n̄g palagiang mapagtatrabuhuan at ibig ninyong makapag-impok n̄g salapî ay pumaroon kayo sa káwanihan n̄g

The Hawaiian Sugar Planters' Association

135 San Nicolás.

★ PASANGLAAN ★

NI

FAUSTO O. RAYMUNDO.

Daang Ilaya blg. 641-645 pagliko sa Aceiteros,
San Nicolás, Maynila.

MATAAS humalagá sa isinasanlâ, MABABA ang patubo. MADALING pagsanlaan at gayon din kung tubusan.

Nagbibilí ng m̄ga hiyas na BRILLANTE, PERLAS,
GINTO at PILAK sa halagang lalong mura.

Ang mga Hiwaga ng Inkisisyon sa Espanya

Sinulat ni M. V. de Ferreal.

Salin ni S. G. Calderón

(karugtong)

XII.

ANG BAKAS

Sa pagtataglay n̄g pag-iisip na puspos n̄g kagulomihan, na karanawan doon sa nanigababalisa dahil sa kalagayang kabaklabaklâ, ay dalidaling binagtas ni Dolores ang dakong kinaroroongan n̄g bahay n̄g Apostol.

Gayon mang ang isang kampon n̄g Inkisisyon ay nagpakita sa kanya n̄g dî kawasang kagandahang loob ay dî rin siya lubhang tiwasay at nananabik siyang m̄pasilong ulî sa kalingâ n̄g kanyang banal na kaibigan.

Ang han̄gad niyang makipagkitang mulî sa apostol ay lalong nag-aalimpuyô, palibhasa't mulâ n̄g m̄pasok siya sa Karmelitas ay mí-misan lamang niyang nakita, at sakâ n̄gayon lamang niya nábalitaan si Esteban.

Itong sawíng binatâ na pinaghihinalaan n̄g Inkisisyon dahil sa kanyang m̄ga kakaiyâng isipan at sakâ kinapoopootan pa ni Pedro Arbues, sa pagka't kapanágagâw sa ligawán, ay nagíng tawad ang buhay sa pamamagitan ni José, na siyang bumigô n̄g m̄ga tampalasang utos n̄g inkisidor



Lahat ay Sigarilyong Virginia

Piedmont
Ang Sigarilyong maigam

Knedler Bldg. LIGETT & MYERS TOBACCO Co. Manila.

na pinaglalangan niya ang punò ng Gardunya. Sa dì pagkaalam ni Dolores ng kalagayan ng kanyang kasintahan, ay totoo siyang nabalisa, na dì niya ikatiwasay.

—Dì kayâ naaanó?—ang siya niyang náittanong sa sarili na taglay ang pagkabakla, at itong kakilakilabot na pag-aagam-agam ay siyang ikinakabá ng dì kawasà ng kanyang kalooban, at lalò ngà niyang ipinagmamadali upang makarating agad.

Ng málalapit na siya sa bahay ng apostol ay nagtaká na dì niya náaninag sa bintanà yaong kukutakutaptap na liwanag ng ilawang tumatanglaw sa mga pagpupuyát niyaong tao ng Dyos.

Gayon man, ang pintô ng halamanan ay halos bukás at madalì ngâng nabuksan.

Yao'y mga sangá ng baging na pinapagsalilislikop at iniayos sa pinapagparisukat na kahoy.

Si Dolores ay tumawag sa bahay, n̄guni't walang sumagot.

—Oh Dyos ko! jwalâ!—ang náwikà niyang pabulalás dito sa panibagong kasawian.

Mulî siyang tumawag ng lalong malakas; n̄guni't walang nangyari: ang pintô ay nakatikom din at walang nagbubukás.

Hinalughog ni Dolores ang halamanan, isaag loobang maluwâng na may mga kahoy at baging

KUPONG MAHALAGA SA BAWA'T PAKETE

Ang kaarawang takda sa mga kupon ay pinalawig hanggang sâ ika 30 ng Hunyo ng 1919.

na silun n ng bat  at ng m ga nagdadaan doong nanggapapat , na karaniwang magsikitil ng m ga bun a niyaon. Yao'y pahintulot ng apostol, at kung d  disin sa gayong kagandahang loob ay sana'y pinagkulangan siya ng galang at pitigan, at d  na sana pinagdaanan pa ng sinoman ang halamanang yaon.

Walang pinangyarihan ang pagkahalughog ni Dolores ng dakong yaon isinoman ay wal ! Maliwanag ng ng wal  roon ang apostol.

Palibhas  y ang tahanan niya'y naihang at malay  sa ibang bahay ay walang sukat mapagtanung n.

¿Ano ngang gagawin?

D  na maaaring bumalik sa Karmelitas, totoong susub  sa pang anib.

¿Sa Bayan?

¿Sino sa kanyang m ga kakilala ang papain sa biganti ng I kisisyon, sa pagpapatuloy sa kanya?

At sak , d  ba pagsasarhan ng lahat ng pintuan ang an k ng isang taong nasasakdal sa salang may mal ng pananampalataya.

Ang tang  niyang madudulugan ay ang taberna nguni't sapagka't yao'y inilarawan ni José na isang dakong kalagimlag m ay minagaling niyang magparaan ng g bi sa halamanan.

Bagaman at tag-araw ay may kalamigán palibhasa't malapit sa ilog.

Si Dolores ay walang taglay na bihisán liban sa isang kasuutang sedang itim at isang pangbalabal na enkahe.

Ang māga punong kahoy ay hitik nōg māga dahon at bulaklak; ang damo'y nalalatag sa kanyang paanáu. Si Dolores nōg'y nanğulung-kot sa tabí nōg isang malaking punó nōg saging; inilugay ang kanvang buhok na siya niyang ina-ring banig, ipinulupot sa kanyang ulo ang kanyang pangbalabal, at pagkatinggalá sa lanğit nōg tingging dalangín, ay naupó sa damong masinsín at malamig.

Umaasa na ang apostol ay hindí magluluwat nōg pagdating.

Itutuloy.

Patakaran ng kabaitan

SA MGA BATANG LALAKI AT BABAE

Ang akdang ito ay nagtamó ng ganting palang sampung libong piso (P 10,000). Ang sumulat ay ang Gurong William J. Hutchins na taga Oberlin, Ohio at iniayos ni G. Camilo Osias sa isang paraang mababagay sa mga batang pilipino.

I. Ang unang Kautusan ay

ANG MABUTING PILIPINO AY NAGSISIKAP GUMAWI AT MAGTAGLAY NG GANAP NA KAGALINGAN NG KATAWAN

Ang ikabubuti nōg ating lupain ay nanğasa nagsisikap umihi ang panganganatawan upang maging karapatdapat sa kanilang gáwain sa araw-araw. Kaya't:

1. Iingatan kong maging malinis ang aking damít, ang aking katawan at ang aking pag-iisip.

2. Lalayuan ko yaong māga pangunugaling makasasamá sa akin, at aking isasaçawá at dí lo papaslangín kaylan man yaong māga pangunugaling nakatutulong sa akin.

3. Sisikapin kong mainqatang magaling ang aking panganganatawan sa pamamagitan nōg bagay na pagkain, pagtulog at pagpapalakas.

II. Ang ikalawang Kautusan ay

Bufete Sotto

Se participa al público que, desde esta fecha hasta nuevo aviso, el Abogado Sr. Antonio González se hará cargo de los asuntos de dicho bufete. El Abogado Sotto actuará solamente como consejero del Sr. González.

Manila, 7 Septiembre, 1918.

ANG MABUTING PILIPINO AY MARUNONG MAGPIGIL SA SARILI

Yaong lalo't higit na nakapagpipigil sa sarili ay lalo't higit na nakapaglilingkod sa kanyang lupain. Kaya't:

1. Aking pipigilin ang aking dilà, at dí ko papayagang magbadya nōg hamak ó mahalay na pananalitá.

2. Aking pipigilin ang aking kalooban at dí ako magagalit kahi't papagdamdamin ako nōg sínó't alín man.

3. Aking pipigilin ang aking isip at dí ko papayagang maghanğad nōg mahalay at makapipinsala nōg isang mabuting adhikâ.

III. Ang Ikatlong Kautusan ay

ANG MABUTING PILIPINO AY MARUNONG MAGPASÍYA SA SARILI

Ang pagmamak-pantas sa sariling hakà ay kahanğalan, nōguni't ang karunungan magpasíya sa sarili ay kailangán sa māga batang nag iibig lumakas at maging makabuluhan. Kaya't:

1. Malugód kong pakikinggan ang payo nōg matanda't marunong na tao; nōguni't pag-aaralan kong magkurò sa sarili, at pumillí at gumawá sa kapasiyahan nōg sarili

2. Hindi ko ikababalinong ako'y tawanán.

3. Hindi ko ikatatakot ang paggawá nōg kawiran kung námamali ang karamihan.

IV. Ang ikapat na Kautusan ay

ANG MABUTING PILIPINO AY NAPAGKAKATIWALAAN

Ang lupain natin ay dumadakilà at bumbuti habang may lnbos na pagkakatiwalaan ang kanyang māga mámamayan. Kaya't:

1. Ako'y magpapakabait sa salitá at sa gawá. Ako'y hindí magsisinungálíng, ó kaya'y magpaimbabaw, ni dí maglilingid nōg katotohanan doon sa māga may karapatan niyan.

2. Dí ako magkakamaling aasa na ang ga

KATUBUSAN PAGAWAAN NG TABAKO'T SIGARILYO

Daang Clavel 501, Binundok,

TEL. 8524.

Ang pággawaang ito ay puhunan nōg māga manggagawà at sa māga pilipino na itinayô sa ikagagaling nila at nōg bayan: kaya't kailangán linğapin natin yamang ang māga yarì rito ay isa sa māga pinakamainam, maging sa matabang at maging sa matapang na lasa nōg tabako't sigarilyo.

Siya nōgá natíng hititín.

yo'y dī mahayahag. Hindi ko māililingid sa sari ang katotohanan at dī ku rin nāgā māililingid sa twitwina sa iba.

3. Hindi ko kukunin nāg walang kapahintulutan ang di akin.

4. Gagawin kong dalidàl ang aking ipinangakò. Kung ako'y hindi naging tapat sa aking pangakò ay ihihingi ko agad nāg tawad ang aking pagkukulang, at lulunasan ang naging kapansanan. Ganyan ako mananalitâ at gagawâ sa ikapag-uunawaan at ikapaglagak nāg tiwalâ ng isa't isa.

(*Ipagpapatuloy*)

Ang mga kalaban ng Alemania

Mula ng magsimula ang labanan

Rusia 1.º nāg Agosto nāg 1914.
Francia 3 nāg Agosto nāg 1914.
Belgica 3 nāg Agosto nāg 1914.
Gran Bretaña 4 nāg Agosto nāg 1914.
Servia 6 nāg Agosto nāg 1914
Montenegro 9 nāg Agosto nāg 1914.
Japon 23 nāg Agosto nāg 1914
Portugal 9 nāg Marzo nāg 1916.
Italia 28 nāg Agosto nāg 1916.
Rumania 28 nāg Agosto nāg 1916.
Estados Unidos 6 nāg Abril nāg 1917.
Grecia 29 nāg Junio nāg 1917.
Siam 22 nāg Julie nāg 1917.
Liberia 4 nāg Agosto nāg 1917.
China 14 nāg Agosto nāg 1917.
Brasil 26 nāg Octubre nāg 1917.
Honduras 19 nāg Julio nāg 1918.

Ang iba pang mangâ bansâ na kung bagamat dī kalaban ay kasirâ ay ito namang māga sumusunod: Bolibia, Nicaragua, Hayti, Sto Domingo, Costa Rica, Peru, Uruguay at Ecuador.

Salin sa "El Comercio" 24 Feb. 1918.

FRANCISCO MANAJAN.

Carlos F. Malfort

FOTOGRAFO

SAN FERNANDO 940, BINONDO, MANILA.

Sinomang ibig paretrato ay maaaring tawagin siya sa sariling bahay ó kaya'y pagsadyain naman siya sa kanila.

THE AMERICAN BIBLE SOCIETY

503 AVENIDA RIZAL.

Nagbibili nāg māga Biblia sa iba't ibang wika. Inyong pagsadyain at pagkakalooban kayo nāg ayon sa halagang taglay ninyo.

Ang Tangan-tangan o “Ang Aceite de Castor”

Isa sa māga bagay na dapat lingâpin nāg mag-sasakang pilipino ay ang tungkol sa pagtatanim nāg māga puno nāg “Aceite de Castor”, na kilala rin naman sa pangalang Palma Christi, Tanğantangan at sa botánika ay kilala sa pangalang *Ricinus communis*, sa urì nāg māga *Euforbiáceos*. Ito'y isang halaman sa lupaíng mainit, at sa kasalukuyan ay biglang nagtaglay nāg malaking kabuluhán sa boong sangdaigdigan palibhasa't sjyang tangging langis na may malaking kapakanan sa māga *aereopiano* o māga sasakyang iyan nagagamit, kundi sa maliliit mang máquina na nangatagtaglay nāg dī kawasang lakas, na gaya halimbawâ sa māga makinang gamit sa pagsasaka na nāgayo'y lumulupanâ sa Estados Unidos sa iba't ibang lupain. Bukod sa gañit sa māga bagay na ito ay gamit din naman sa panggagamot, sa māga katad na inabuting urì, sa paggawâ nāg sabón at sa iba't iba pang bagay.

Dahil dito ang magsasakang pilipino na mag-halaman nito ay lubos na makaaasa na siya'y makikinabang.

Ang Tanğan tanğan, palibhasa't ang puno'y totoong matigas ay walang māga hayop na nananalantâ at dī naaanó kahit ang bînhî ay matanim sa māga lupang mabatô o matigas: anopa nāgat tumutubô sa māga lupâ na dī tinutubuan nāg bang halaman. Gayon man ay namamatay ang halamang ito sa māga lupang mabuhangin at sa kuminoy. Ang ibig nāg Tanğan-tanğan ay isang lupang tuyô na halumigmig.

Pagkatapos na mabungkal ang lupâ, malinis at maihandâ ang māga hukay sa agwat na

LIBRERIA Y PAPELERIA

DE

P. S. Viuda de Soriano.

Rosario 225 y Plaza del Conde No. 1008, Binondo.

Nagbibili nāg māga aklat sa tagalog, kastila at inglés; nāg māga kuaderno, pluma, lapis, tinta, papel at ibp.

Boong giliw na tinatanggap ang lahat.

BAHAY SANGLAAN

NI

ZACARIAS DE GUZMAN

Daang Villalobos 144, Kyapo. Tel. 3595.

Mabuting maghalágá sa māga hiyás, na gaya n̄g māga brilyante, perlas, gintó at iba pang māga bagay na may halagá. Mataas ang turing sa māga pagtasa, magaan ang patubò.

tig-iisang metro ay itinatanim ang māga binh̄ na hanay-hanay. Sa ganitong paraan ay magaang pag-anihan at marami ang naáani. Samantalang ang buñga ay nahihihing sa limá o anim na bwan pagkatapos na máitanim, ay lalong maigi na pamumulaklak ay kapunin na putlin at maging isang paa lamang ang taas, sakâ linançin ang māga bahaging pinutlán anopá't mapabaong maigi sa hanay n̄g māga pananím. Sa ganitong paraan ay lumalagò ang ugat pagsibol sa māga pinutlán n̄g māga bagong supling at sa pagaani ay nakukunan n̄g makaitlong higit kaysa māga dí ginawán nito.

Kung ang lupang pagtatanimán ay magubat at ayaw paggugulan, ay maaaring hasikan pag-sisimulâ n̄g tag-ulán, na dí na kailançang alagaan hanggang mamulaklak. Hindi n̄gá lamang pag aanihan n̄g marami at maliliit ang nagiging butó.

Ang halamang ito ay dapat paghalomigmging maigi sa loob n̄g dalawang bwan n̄g pagkatanim upang bumuti ang pagsibol. Sapagka't napaiilalim na maigi ang ugat n̄g halamang ito ay nakaiitit n̄g tubig at hindi nasasalantâ sa panahon n̄g pagkakatuyot. Kung mabuting urì ang binhing itinanim at ang lupang pinagtamnan ay hindi nápkasamâ, ang māga natanim na may agwat na tig iisang metro at inalagaan n̄g kahi't kaontî ayon sa nabanggit sa dakong staas ay maaasahang pakikinbangán n̄g malaki.

Pagka magulang na ang māga pangalupkop na māga binh̄ ay dapat putulin bago mahinog na maigi, at imbakin sa isang bangán ó kaya'y isilid sa māga bayong at ibitin sa māga bubóng hanggang sa bumuká ang māga pangalupkop at magsilabas ang māga butó, na kung magkagayon

"Herrera Bros"

PLATEROS Y GRABADORES

Se reciben toda clase de trabajos concer-nientes al ramo.

Especialidad en grabados, esmero y prontitud.

No. 1522 Azcárraga
Sta. Cruz

Manila, P. I.

TEL. 3916.

Ngayo'y panahon n̄g "Sakit n̄g Ngipin"

Kung hahanap kayo n̄g DENTISTA ay tunguhin ninyo si

Dr. A. Vergel de Dios

447 EVANGELISTA.

Walang sakít na gumamot ó bumunot.

ay kailançan nang ihiwalay ang māga butó at isilid ulí sa māga bayong. Ito'y hindí ginagalaw n̄g anomang hayop ni n̄g dagâ at hindí pangangan-ambahin sa bangán hanggang sa máikita n̄g bibili n̄g mabuting halagá sa pámlilihan.

Palibhasa'y ang halamang ito ay nagpapawis n̄g patakpatak na halos malagkit sa māga punò n̄g māga dahon, at nilalapitan n̄g māga langgam ay mabuti n̄g budburán n̄g abó; gayou man, kungdî lubhang marami ay maaaring pabayaan. Manakánakâ ay kinakain n̄g uod ang māga dahon at mangyayaring ikapahamak: kaya't mabuting dalawing maminsanminsan at alisan n̄g uod. Kung ang isa ó ilang punò ay kákitaan n̄g pagkasalantâ n̄g uod ay bunutin agad at sunugin upang hwag makáhawa sa iba.

Dapat din namang malaman na ang sapal n̄g māga ito pagkatapos makunan n̄g langís ay nakakalason at hindí dapat ipakain sa hayop; n̄guni't mabuting pangpatabâ n̄g lupà lalong lalò na sa māga tubuhán palibhasa't may taglay na mabuting urì n̄g potasa at kaonting ásido pospóriko.

Talastasin din naman na dí namin iminu-mungkahì na paghalamanan n̄g "Aceite de Cas-tor" ang matatabang lupà na dapat paghasikan n̄g palay at ibang kakainín, kungdî isagawâ doon sa māga lupà na dí magamit.

Ang bawa't isang ektareang lupà ay ma-pag aanihan nito n̄g tatlong tonelada at kala-hati at madalas na pinakinabançan sa Estados Unidos n̄g P-600.00 hanggang P-750.00 pagkatapes n̄g ikalawang taón. Sapágka't ang māga ito ay hindi nan̄gançailançang itanim na mali, kungdî sa bawa's tatlo o limang taón ayon sa urì n̄g binh̄, at isa n̄g magaang paraan na pagkakitaan n̄g salapi.

SOMBRERERIA Y SASTRERIA.

DE
P. AUSTRIA.

Carriedo 247.

M. H. del Pilar, 409. Ermita.

Tel. 4482.

Tel. 3503.

Nagbibili n̄g sarisaring māga bagay para sa māga lajake, gaya n̄g sapatos, medyas, corbata, panyô, lalong lalò na n̄g māga sombrero rito sa Pilipinas.

Aklat na Patnubay

Ang "PHILIPPINE DIRECTORY" ay tapós na sa limbagán. Ang aklat na ito ay naglalamán ng totoong maraming mahalagang bagay, gaya ng kasaysayan at heograpiya ng Pilipinas sa isang maikling pananalaysay, ang talaan ng mga lansangan, pook, bayan at lalawigan nitong Pilipinas sangpū ng mga namiminunò sa mga ito, at gayon din ang maraming bagay na dapat malaman ng madlā hinggil sa pagsasaka, pangangalakal at iba't ibang pagkabuhay, sakâ ang ayos at kapakanán ng mga kágawaran at kawanihan ng ating Pámahalaan. Sumulat kayo agad kay G. CORNEJO at ng hwag • kayóng maubusan.

Kaya ngā marapat pakaingatan ang pagpili ng binhī upang maasahang magiging matitibay at maiigi, mabulaklak at malangis at mapag-anihan ng marami at ng mabuting url.

Tungkol sa Pagtatanim ng Palay

Sa kasalukuyang ay totoong maraming sarisaring url ng palay rito sa sangkapuluan, at karaniwang ipatanim ng nangagbubukid nito kung aeo na lamang url mayroen sila. Mang-yayari pa na may uring napagaanihan ng marami at may na pag-aanihan ng kaonti lamang.

Kung ito'y pakialaman ng pámahalaan na ipatanim yaong mga napagaanihan ng marami ay makapagbibigay lunas ngā sa nang-yayaring kasalatán. Kailangan ngā maglahad ng isang pátkaran, pagkalooban ang mga magsasaka nito ng mga uring napagaanihan ng marami at singilan ng mababang halaga ó kaya'y pahiramin sila, na pag-aani ay saka palitan.

PACO STUDIO
1430 HERRAN

May manunuklay na walang
BAYAD.

BIBLIA BIBLIA

SA LAHAT NG WIKA
SA
BRITISH & FOREIGN BIBLE SOCIETY
636 Isaac Peral, Ermita.

Mabuti rin naman na mag-ukol ng mga kawaní ng pámahalaan na marunong kumilala ng nababagay na url sa gayo't gayong lupà at sa ganitong paraan ay maaasahan ang kagalingan ng mga pag-aani ng mga palay rito.

At lalong mabuti sana ay magkala't sa iba't ibang lalawigan ng mga akdā hinggil sa mabuting paraan /ng pagbubukid ng palay at sa wikang kastilà, tagalog, bisaya, kapangpangan, ilokano, bikol, ibp. At inaabahan namin na kung ang paraang ito'y palalakarin ng pámamaalan oy malulunasan sa hinaharap ang kasalatan ng bigás dito sa atin.

Paunawa

Sino mang ibig sumuskribí rito sa "Patnubay ng Bayan" ay sumulat kay S. G. Calderón, 758 R. Regente, Binondo, Manila. ₱1.00 isang taón sa Maynila. ₱1.20 sa lalawigan.

Ang sa bawa't taóng nagdaan ay ₡2.00.

Stangl Press

641 Sales, Maynilà.
P. O. Box 733.

Tumatanggap ng mga limbagan na gaya ng mga tarjeta na may iba't ibang hugis, invitación, membrete, programa, alegato, revista, libro at ibp.

Gayon din naman tumatanggap ng ukol sa enkuadernasion, sa halagáng kayang kaya ng mga nagsisipagpagawâ.

Pagsadyain ang palimbagang ito at ng kayo'y masiyahan.

SASTRERIA Y SOMBRERERIA

Ibig ba ninyong magkaroon ng mga maiinam na kasuutan ayon sa bagong panahon? Kung gayon, magsadya kayo sa patahian ni

ISAIAS ALVARAN
606 Azcarraga, Tondo.
MANILA.

:: FILIPINA ::

Tan̄ing Pahayagang bwanan nḡ m̄ga babae, sa wikang Ingles at Tagalog. Naglalaman nḡ maraming bagay tungkol sa ikagagaling nḡ kababaihan sa bayan, sa samahan at sa sarili.

MAGSISUSRKIBÍ KAYO. -P-1.50 LAMANG ISANG TAON.

Pasulatan: 324 Misericordia, Maynila.

CORNEJO'S PHILIPPINE DIRECTORY. 1918-1919

324 Misericordia, Sta. Cruz, Manila

It's an annual publication in English and Spanish for Business and Professional Men, Teachers and Students, Politicians and Public Officers, Travellers, Writers, Agriculturists, etc.

Price Per Copy: -P-7.00 Plus -P-1.00 When sent by Reg. Mail

Taller de Encuadernación

NI

Sofronio G. Calderón

758 Reina Regente, Binondo.

1918

Murang tumanggap at mabuting yumari.

Gumagawa nḡ mga pads na gamit sa
mga páaralan at sa mga opisina.

ESTOS SON LOS OBSEQUIOS MAS HERMOSOS

PARA

UNA DAMA
DISTINGUIDA.



UNA JOYA DE NUESTRAS CASAS SERA PARA ELLA DE GRAN VALOR Y APRECIOS.


Los brillantes de "HEACOCK" deslumbran por su Fino Tallado y su interesante calidad.



Son nuestras piedras de un Blanco Azulado que encanta.

SORTIJAS DE BRILLANTES

Desde P18.00 a P2.000.00,



Verdaderas Novedades en Pulseras de Brillantes.

Desde -P-45.00 a -P-500.00

PENDANTIFS
DE EXQUISITOS DISE-
NOS, CON
BRILLANTES,
PERLAS U OTRAS
PIEDRAS PRECIOSAS.
Desde P3.50 a P3.000.00



VANITY-CASES
LOS TENEMOS DE PLATA DESDE P26.00 A P80.50
DE ORO
DESDE P374.00 A P600.00

EN PENDIENTES DE BRILLANTES:

TENEMOS, SE PUEDE DECIR, EL MEJOR SURTIDO QUE HAY EN PLAZA.

Desde P22.00 a P1.500.00

H. E. HEACOCK Co.—ESCOLTA 121-123